

## Ang Awit ni Simeon

### WARM-UP

- Ano ang ginagawa mo kung kailangan mong maghintay sa isang tao? Ano ang nagiging tugon mo kung kailangan mong maghintay ng mas matagal pa sa iyong inaasahan?
- Ikuwento ang isa sa mga paborito mong tauhan sa isang aklat o pelikula. Ano ang naiiba sa tauhang ito?
- Ano ang pinakalabis-labis na regalo na natanggap mo? Sino ang nagbigay nito sa iyo at ano ang naging tugon mo dito?

### WORD

<sup>25</sup>May isang tao roon sa Jerusalem na ang pangalan ay Simeon. Matuwid siya, may takot sa Diyos, at sumasakanya ang Banal na Espiritu. Naghihintay siya sa pagdating ng haring magliligtas sa Israel.  
<sup>26</sup>Ipinahayag sa kanya ng Banal na Espiritu na hindi siya mamamatay hangga't hindi niya nakikita ang haring ipinangako ng Panginoon. **LUCAS 2:25,26**

(Basahin din ang **LUCAS 2:27-32.**)

Si Simeon ay matatawag natin na isang “karaniwang mamamayan,” isa sa maraming mamamayan ng Israel na naghihintay sa pagdating ng Tagapagligtas. Hindi siya isang babaeng *teenager*, mapagdudang saserdote, o mababang pastol. Hindi siya naiiba sa madla, maliban sa kanyang pananampalataya at pagkasabik na makita ang ipinangakong Tagapagligtas. Nakita ni Simeon kung paano tinupad nang buong katapatan ng Diyos ang Kanyang pangako sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, at inihayag ang misyon na iligtas ang buong mundo.

## 1 Isang Pangakong Natupad

*29*"Panginoon, maaari n'yo na akong kunin na inyong lingkod, dahil natupad na ang pangako n'yo sa akin. Mamamatay na ako nang mapayapa, *30*dahil nakita na ng sarili kong mga mata ang Tagapagligtas . . ." **LUCAS 2:29,30**

Ang awit ni Simeon ay nagsimula sa labis na kagalakan at pagdiriwang. Sa wakas, karga-karga niya sa kanyang mga braso ang ipinangakong Tagapagligtas, at pinatunayan nito ang katapatan ng Diyos sa kanya at sa buong Israel. Ngunit, ang plano ng Diyos ay hindi kalayaan mula sa Imperyo ng Roma; ito ay higit pa sa naisip ng sinuman: kaligtasan, pagmamahal, awa, kabutihan, at walang hanggan sa piling Niya. Sa iyong palagay, bakit hinintay ni Simeon ang katuparan ng ipinangako, at ano ang maaari mong matutunan mula sa kanya?

.....

.....

## 2 Isang Misyong Naihayag

<sup>30</sup>“ . . . dahil nakita na ng sarili kong mga mata ang Tagapagligtas, <sup>31</sup>na inihanda ninyo para sa lahat ng tao. <sup>32</sup>Siya ang magbibigay-liwanag sa isipan ng mga hindi Judio na hindi nakakakilala sa iyo, at magbibigay-karangalan sa inyong bayang Israel.” **LUCAS 2:30-32**

(Basahin din ang **MATEO 28:18-20**.)

Hindi natapos ang awit ni Simeon sa pagdiriwang at pasasalamat lamang. Inilarawan niya ang planong kaligtasan para sa lahat ng tao, na makikita ng marami. Ito ay *magbibigay-liwanag sa isipan ng mga hindi Hudyo*. Ngayon, alam na natin ang planong ito: na mamamatay si Cristo at mabubuhay muli, upang ang kaligtasan ay maihandog sa bawat tao sa lupa, Hudyo man o hindi Hudyo. Ito ay plano ng Diyos simula pa sa umpisa ng panahon, at ito ay ipinakita at tinupad sa pamamagitan ni Cristo. Ano ang misyon ng Diyos (Mateo 28:18-20)? Paano tayo naging kabahagi nito?

.....

.....

### APPLICATION

- Si Jesus ba ang iyong Panginoon at Tagapagligtas? Kung hindi, nais mo bang maunawaan kung ano ang ginawa Niya para sa iyo at paano ka makatutugon sa Kanyang pagmamahal at kabutihan? Kung oo, nakikita ba Siya sa buhay mo?
- Paano ka lalago sa pananampalataya mo sa Diyos, upang hindi mo Siya malimitahan? Paano mo mas maiintindihan ngayong linggo ang Kanyang kagustuhan at plano sa iyong buhay?
- Ikaw ba ay aktibong nakikilahok sa misyon na makilala Siya ng lahat? Kanino mo maaaring ibahagi ang ebanghelyo ngayong linggo, at paano mo sila matutulungang mas makilala pa ang Diyos?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagtupad sa Kanyang pangako at paghahayag ng Kanyang misyon sa atin. Pasalamatan ang Diyos sa pagliligtas at pagmamahal Niya sa iyo.
- Ipanalangin na ikaw ay maging aktibo sa misyon ng Diyos. Ipanalangin ang lakas ng loob na maipangaral ang ebanghelyo at maibahagi ang Salita ng Diyos sa iba.
- Ipanalangin ang kaligtasan ng iyong mga kapamilya at kaibigan. Hingin sa Diyos na magkaroon ka ng mga pagkakataon na maipangaral ang ebanghelyo sa kanila ngayong linggo.

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---



**VICTORY**

© 2017 by VICTORY®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®  
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa  
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph